# Mga Halimbawa ng mga Makabuluhang Ugnayan sa Kasaysayan ng Simbahan at sa Doktrina at mga Tipan

## Halimbawa 1

Matapos siyang bumisita sa Burol ng Cumorah noong Setyembre 1823, nagbahagi si Joseph Smith ng mga detalye tungkol sa kanyang karanasan at sa mga pagdalaw ng anghel na si Moroni sa kanyang pamilya. Patuloy na ibinahagi ni Joseph ang kanyang mga karanasan at pangitain sa mga taong pinakamalapit sa kanya. Sa paggunita sa mga sagradong karanasang ito, itinala ng ina ng Propeta na si Lucy Mack Smith ang sumusunod:



Tinitipon namin ang mga bata tuwing gabi. Sa palagay ko ang pamilya lang namin ang gumagawa nang gayon sa buong mundo, lahat ay nauupo nang pabilog, ama, ina, mga anak na lalaki at babae ay nagbibigay ng matamang pansin sa pagtuturo ng isang batang lalaki. . . .

. . . Ang pinakamatamis na ugnayan at kaligayahan ay namayani sa aming tahanan. Walang pagtatalo ni alitan na gumambala sa aming katahimikan, at kapayapaan ang naghari sa amin. (Lucy Mack Smith, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 569)

- Ano ang pinakanapansin mo tungkol sa pamilya Smith mula sa salaysay na ito?
- Paano maaaring tinulungan ng nadamang pagmamahal ni Joseph sa tahanan na magampanan niya ang kanyang mahalagang tungkulin?
- Ano ang natututuhan mo mula sa halimbawang ito tungkol sa kung paano ka mapagpapala ng Diyos, o paano mo matutulungang pagpalain ang iba, sa pamamagitan ng mga makabuluhang ugnayan?

## Halimbawa 2

Habang naninirahan sa Nauvoo, Illinois, pinagnilayan ni Joseph Smith ang mga pakinabang ng mga makabuluhang ugnayan:



Ituturing kong isa sa pinakamalalaking pagpapala, kung ako ay pahirapan sa mundong ito, na ako sana ay itadhana sa lugar kung saan mapalilibutan ako ng aking mga kapatid at kaibigan. (*Mga Turo: Joseph Smith*, 546)

- Paano tayo matutulungan ng pamilya at mga kaibigan kapag nakararanas tayo ng mahihirap na hamon?
- Sa ano pang mga paraan mapagpapala ng pamilya at mga kaibigan ang ating buhay?

## Halimbawa 3

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 108:7, at alamin ang payo na ibinigay ng Panginoon kay Lyman Sherman ng Pitumpu.

- Bakit maaaring maging mahirap kung minsan na sundin ang payong ito?
- Kailan mo nadama na pinalakas o pinasigla ka ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_577-1